Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-18 NG MAYO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-10:25 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE.............. PANG. PUNONG BAYAN

| | |
|---|---|
| Kgg. Ariel T. Magcalas.............. | Tagapangulo |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan... | Kagawad |
| Kgg. Louie c. de Leon.............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison.............. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas.............. | Kagawad |
| Kgg. Mario M. Mangahas............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco........... | Kagawad |
| | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Celestino D. Pamatmat.......... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor.......... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 067-T'98**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY NA MAKAPAGDAOS NG PASABONG "TWO COCK DERBY) SA IKA-21 NG MAYO, 1998 AT THREE COCK DERBY SA IKA-2 NG HUNYO, 1998" SA SANTA CRUZ COCKPIT ARENA, AYON SA KAHILINGAN NI GNG. ESTELA F. SAN JUAN, NG BAYANG ITO.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ni Gng. Estela F. San Juan, may-ari ng Santa Cruz Cockpit Arena na makapagdaos ng pasabong sa ika-21 ng Mayo, 1998 at sa ika-2 ng Hunyo, 1998;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay matalakay at mapag-alaman na ang bahagi ng kikitain nito ay ilalaan sa mga papremyo para sa mga patimpalak at palaro sa nalalapit na kapistahan sa bayang ito ay ipinasya ng sangguniang ito na pagtibayin ang nasabing kahilingan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Bernardo E. Ison at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang pagdaraos ng pasabong "Two Cock Derby sa ika-21 ng Mayo at Three Cock Derby sa ika-2 ng Hunyo, 1998" sa Santa Cruz Cockpit Arena, ayon sa kahilingan ni Gng. Estela F. San Juan, ng bayang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, License Officer III Pinuno ng Pulisya, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY:**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY: ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan